# GABAY SA SAMAHAN:

## Mga Kumperensiya ng Magulang – Guro

Fairbanks North Star Borough School District

Ipinapakita ng pananaliksik na ang pakikisangkot ng pamilya ay ang nag-iisang pinakamahalagang dahilan sa pagtiyak ng tagumpay ng mag-aaral. Ang Mga Kumperensiya ng Magulang - Guro ay mahahalagang pagkakataon para makipagpalitan ng impormasyon at gumawa ng sama-sama upang patibayin ang paggawa ng mag-aaral. Narito ang ilang suhestiyong dapat isipin.

**BAGO** ANG KUMPERENSIYA:

✓ Hayaang malaman ng iyong mag-aaral na ikaw ay dumadalo sa kumperensiya. Tanungin ang iyong mag-aaral kung mayroon siyang nais na italakay mo sa (mga) guro.
✓ Gumawa ng listahan ng mga tanong na nais mong itanong (mga grado, gawaing-bahay, pagkilos, asal, mga lakas, mga kahinaan, mga parating na proyekto, paano mo matutulungan ang iyong mag-aaral na matuto sa tahanan).
✓ Kung ang iyong asawa o iba pang nakatatanda na kasalo sa pagpapalaki sa mag-aaral ay hindi makakadalo sa kumperensiya, pakitanong ang kanyang mga alalahanin at mga katanungan. Ibahagi rin ang iyong impormasyon sa kanila pagkatapos.

**SA ORAS** NG KUMPERENSIYA:

0 Kung ikaw ay may nakatakdang tipanan, dumating sa oras at manatili sa palatuntunan.
0 Simulan ang kumperensiya na may positibong tinig.
0 Gamitin ang iyong nakahandang listahan upang tiyakin na lahat ay matatalakay.
0 Magtanong tungkol sa malalaking proyekto o mga pagtatasang parating.
0 Magtanong kung paano mong mas mabuting masusuportahan ang pagkatuto ng iyong mag-aaral sa tahanan.
0 Makinig mabuti at gumawa ng mga tala tungkol sa pagsulong ng iyong mag-aaral.
0 Kung ikaw ay dumadalo sa isang kumperensiyang pinasimunuan ng mag-aaral, hayaang ang iyong mag-aaral ang mamuno sa talakayan.
0 Kung ang iyong mag-aaral ay tumatanggap ng espesyal na serbisyo (Programa sa Pinahabang Pag-aaral; pagsasalita, pangtrabaho o pisikal na terapiya, atbp.) planuhing makipag-usap din sa mga miyembro ng mga kawani.
0 Kung ikaw ay naubusan ng oras, magtakda ng panibagong tipanan.

**PAGKATAPOS** NG KUMPERENSIYA:

♦ Talakayin ang mga resulta ng kumperensiya kasama ang iyong mag-aaral.
♦ Talakayin kung paano ka, ang iyong mag-aaral, at ang (mga) guro ay mas mabuting gumawa ng sama-sama.
♦ Bigyan-diin ang mga magagandang bagay na iyong natutuhan tungkol sa iyong mag-aaral sa kumperensiya.
♦ Sama-samang gumawa ng plano – at ipagpatuloy ito!

**MARAMING SALAMAT SA PAGBIBIGAY-ORAS SA PAGDALO MGA KUMPERENSIYA NG MAGULANG - GURO!**